



Mga Pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit bilang tugon sa COVID-19 simula Marso 31

BRAMPTON, ON (Marso 30, 2020) – Bilang tugon sa COVID-19 at para matiyak na ligtas na pinaglilingkuran ng Brampton Transit ang komunidad nito, babaguhin ang serbisyo ng bus, tulad ng sumusunod, simula Marso 31.

Ang mga ruta sa ibaba ay hindi na magbibigay ng mga serbisyo sa Panahong Pinaka-abala sa AM (6 AM hanggang 9 AM) at PM (3 PM hanggang 7 PM) simula bukas at hanggang sa karagdagang abiso. Magpapatuloy sila sa pagbibigay ng serbisyo sa kalagitnaan ng araw mula sa tinatayang 9 AM hanggang 3 PM, at serbisyo sa gabi makalipas ang 7 PM, ayon sa dati.

- 12 Grenoble
- 13 Avondale
- 16 Southgate
- 17 Howden
- 19 Fernforest
- 32 Father Tobin
- 33 Peter Robertson
- 56 Kingknoll

Ang mga pagbabagong ito ay ipapatupad upang muling italaga ang karagdagang mga resource sa ilang mas abalang mga ruta ng Brampton Transit habang patuloy nating nililimitahan ang mga karga ng bus sa kalahating nakaupong kapasidad para suportahan ang mga gawain ng pisikal na distansya o di paglapit sa iba.

Ang mas dinalasang iskedyul ng paglilinis at pag-disinfect ay nananatiling may bisa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na ibabaw/mga compartment ng operator at mga upuan kada 48 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw ay pupunasan at idi-disinfect araw-araw. Hinihikayat ang mga sumasakay na magdala ng kanilang sariling personal na disinfectant kapag nagbibiyahe, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa regular na mga update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay pwedeng ipaabot sa Contact Center ng Brampton Transit sa 905-874-2999.

-30-



BRAMPTON

Service and Information Update

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca